

iKABATAAN AMBASADOR SA WIKA 2020

1. Ang **iKabataan Ambásador sa Wika (iKAW)** ay isang pambansang kompetisyon ng KWF na naglalayong katuwagin at mobilisahin ang kabataang Filipino tungo sa aktibong pangangalaga at pagtataguyod ng mga katutubong wika ng Filipinas.
2. Bukás ito sa lahat ng kabataang edad 18-25, maliban sa mga empleado ng KWF at kanilang mga kaanak hanggang ikatlong digri.
3. Ang kalahok ay dapat na may sumusunod na katangian:
 - ispiker ng isang katutubong wika ng Filipinas;
 - mahusay sa wikang Filipino;
 - may mataas na moralidad at karakter; at
 - hindi nagkaroon ng anumang kaso o rekord ng paglabag sa batas.
4. Para sa paglahok, kinakailangang isumite ang sumusunod:
 - Pormularyo sa paglahok (maaaring i-download [dito](#))
 - Curriculum vitae ng kalahok
 - 2x2 retrato ng kalahok
 - Limang pahinang sanaysay sa Filipino na inilalarawan ang katutubong wikang kinakatawan ng kalahok, ang mga suliraning kinakaharap ng katutubong wikang ito, at ang proyektong pangwikang ipatutupad ng kalahok sa loob ng isang taon para tugunan ang natukoy na suliraning pangwika
 - Tatlo hanggang limang minutong video (.mp4 file) na nagpapaliwanag sa programang pangwika ng kalahok (max 100MB file size)
 - Isang minutong video (.mp4 file) na pagpapakilala ng sarili at overview ng proyekto (max 100MB file size)
 - Katibayan ng walang pending na kaso (certificate of no pending case) mula sa paaralan, bayan/lungsod o trabaho; o NBI kirans
 - Rekomendasyon mula sa puno ng paaralan/unibersidad, alkalde ng bayan o lungsod, direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), o elder ng katutubong komunidad ng kalahok.
 - Katibayan o pahintulot na katawanin ang komunidad para sa mga kalahok na kabilang sa mga indigenous group
5. Ang lahod ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa iKabataan Ambasadador sa Wika 2020
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

1. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahod ay sa **31 ENERO 2020, 5nh**. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
6. Pipiliin ng KWF ang Top 3 na kalahok na tutuloy sa ikalawang antas ng kompetisyon na gaganapin sa Pammadayaw: Araw ng Gawad sa Agosto 2020.
7. Ang tatanghaling Top 3 finalist ay makatatanggap ng halagang sampung libong piso (PHP10,000.00)
8. Ang tatanghaling Ambasadador sa Wika ay makatatanggap ng halagang dalawampung libong piso (PHP20,000), pondong sandaang libong piso (PHP100,000) para sa mga proyekto ng kaniyang wika, at isang taóng kontrata bilang Ambásador sa Wika ng KWF.
9. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
10. Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. (632) 736-2519 o mag-email sa kwf.timpalak@gmail.com.